



# ALAMEDA COUNTY COVID-19 HEALTH EMERGENCY

COUNTY OF ALAMEDA ★ CALIFORNIA

Office of Emergency Services

4985 Broder Blvd, Dublin, CA 94568

Alameda County Health Care Services Agency

Pebrero 28, 2023

## Pahayag ng Alameda County Health Care Services Agency sa Pagtatapos ng Lokal na Emergency sa Kalusugan ng Publiko

Kinumpirma ng Opisyal sa Kalusugan ng Alameda County na si Dr. Nicholas Moss na natatapos ngayong araw, Pebrero 28 ang emergency sa kalusugan ng publiko para sa COVID-19 sa Alameda County, kasabay ng pagtatapos ng [State of Emergency ng California dahil sa COVID-19](#). Bagaman patuloy na umiikot sa ating mga komunidad ang COVID-19, ang mga deklarasyon ng mga lokal na emergency sa kalusugan ay pansamantala. Mas marami na kami ngayong nalalaman tungkol sa virus na nagdudulot ng COVID-19 at kung paano poprotektahan ang ating mga sarili at ang isa't isa kaysa sa ginawa natin noong Marso 2020, at dinagdagan ang kaligtasan sa sakit (immunity) sa lokal na populasyon at ang mga paggamot na available sa maraming lugar ay ginawang hindi masyadong nagdudulot ng panganib sa kalusugan ng publiko ang sakit.

Ang pagdedeklara ng pagtatapos ng lokal na emergency sa kalusugan ay hindi nangangahulugang tapos na ang COVID-19, na nananatiling nariyan pa rin sa ating komunidad. Dapat gamitin ng mga residente ang mga parehong gamit na napatunayan nang mabisa para mapanatiling malusog ang ating mga sarili at ang iba hangga't maaari. Patuloy na hinihiyay ng Alameda County Health Care Services Agency ang lahat na:

- Manatili sa bahay kung may sakit o positibo sa COVID-19;
- Manatiling may pinakabagong impormasyon tungkol sa mga pagbabakuna, kasama ang pagpapabakuna ng na-update na booster para sa COVID-19;
- Magsuot ng [de-kalidad at lapat na lapat na mask](#) para sa dagdag na proteksyon laban sa impeksyon;
- Gawing maliit ang pagtitipon at nasa labas para mabawasan ang panganib o kung magtitipon-tipon sa loob, [pagandahin ang bentilasyon](#) sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga pinto at bintana o pagpapatakbo ng mga sistemang pansala ng hangin (air filtration systems);
- [Magpa-test](#) kung mae-expose o magkakasakit, at
- Planuhin kung paano at saan makakakuha ng paggamot at, kung positibo, kontakin ang tagapagbigay (provider) ng pangangalagang pangkalusugan o gumamit kaagad ng [mapagkukunan na sinusuportahan ng estado](#): huwag nang hintayin pang lumala ang mga sintomas.

Ang mga pag-iingat na ito ay ang mga pinakamagandang paraan para patuloy nating maprotektahan ang ating mga sarili at mapamahalaan ang pandemya habang nagpapatuloy itong magbago. Ang Alameda County, tulad ng iba pang county sa Bay Area, ay pinangunahan ang bansa bilang pagtugon sa COVID-19, salamat sa pakikipagtulungan sa mga organisasyon sa komunidad at sistema ng pangangalagang pangkalusugan at mga katuwang na klinika sa komunidad. Nagpapasalamat kami sa mga residente, organisasyon, at mga lokal na negosyo para sa pakikipagtulungan sa Alameda County sa simula ng pandemya at para sa kanilang patuloy na mga pagsusumikap para maprotektahan ang kalusugan ng komunidad.

**MEDIA**  
EOC-PIO@acgov.org

**PUBLIC**  
ncov@acgov.org

**PHONE**  
510.268.2101

